Thursday, April 5, 2018

Latest:

All-Filipino K-Pop Girl na TEMFIVE, nasa bansa na (https://news.smni.com/2018/04/05/10778/)

National (https://news.smni.com/category/national/)

Palasyo, pumalag sa pahayag ni UN Special Rapporteur Tauli-Corpuz

April 2, 2018 (https://news.smni.com/2018/04/02/palasyo-pumalag-sa-pahayag-ni-un-special-rapporteur-tauli-corpuz/) SMNI News Channel (https://news.smni.com/author/mar/) 0 Comments (https://news.smni.com/2018/04/02/palasyo-pumalag-sa-pahayag-ni-un-special-rapporteur-tauli-corpuz/#respond) Palasyo (https://news.smni.com/tag/palasyo/), UN Tauli Special Rapporteur -Corpuz (https://news.smni.com/tag/un-tauli-special-rapporteur-corpuz/)

Kinondena ng Malakanyang ang pahayag ng Pinay na si United Nations Special rapporteur on the Rights of the Indigenous Peoples Victoria Tauli-Corpuz na diktadurya ang gobyerno ng Pilipinas.

Ayon kay executive secretary Salvador Medialdea, hindi alam ni Corpuz ang totoong nangyayari sa bansa.

Iginiit ni Medialdea na nananatiling matatag ang demokrasya sa bansa at patuloy ang trabaho ng tatlong sangay ng pamahalaan.

Sa kaniyang talumpati sa Human Rights Festival sa Milan, Italy, sinabi ni Corpuz na naging diktador na umano ang administrasyong Duterte dahil kontrolado na nito ang lehislatura at hudikatura.

Inihalimbawa Corpuz ang impeachment case laban kay chief justice Maria Lourdes-Sereno, ang pagpapakulong kay senador Leila de Lima at mga nangyayaring patayan sa bansa.

Pero ayon kay Medialdea, hindi nakikialam ang Malakanyang sa mga isyung kanakaharap ng naturang mga departamento.

print

Related

Malakanyang, pinasinungalingan ang pahayag ng US Intelligence Committee

Drug war ni Duterte suportado ng ASEAN (https://news.smni.com/2017/...

Malakanyang, hindi pinagbawalan ang Rappler sa pag-cover kay Pangulong